

Bakuna Laban sa COVID-19:

Para sa Kabataan

Ginawa mo na ang lahat para mapanatili mong malusog ang iyong mga anak sa panahon ng pandemya ng COVID-19.

Gusto naming tumulong!

Mahalagang paraan ang bakuna para protektahan sila laban sa virus at hayaan sila sa daycare, paaralan, at iba pang lugar .

Alam mo bang nagagawa ng COVID-19 virus na:

- magdulot ng lagnat sa iyong anak at mga pangmatagalang problema sa kalusugan?
- mabilis na maipasa sa mga kapamilya, kaibigan, at kklase, lalo na sa mga sanggol, mnga nakatatanda at taong madaling magkasakit?



[Ligtas ang mga bakuna](#) at nakakatulong ito na mapigilan ang magkaroon ng malubhang sakit. Nauunawaan naming may mga tanong kayo tungkol sa mga posibleng epekto ng bakuna.

Makakaapekto ba ang bakuna sa paglaki o fertility ng aking anak?

Hindi nakaka-apekto ang bakuna sa paglaki ng iyong anak at hindi din ito nagdudulot ng mga problema sa fertilidad ng babae o lalaki. Milyon-milyong bata na ang nakatanggap ng bakuna! Walang nakitang anumang pagbabago ang mga doktor sa paglaki o fertility.

Mababago ba ng bakuna ang DNA ng anak ko?

Walang bakuna laban sa COVID-19 ang nakakapagbabago sa DNA. [Tinuturuan ang ating mga katawan](#) ng mga bakuna kung paano maprotektahan laban sa COVID-19 virus.

Nagkaroon na ng COVID-19 ang anak ko, kailangan ko pa rin ba siyang pabakunahan?

Oo, kailangan pa rin ng iyong anak ng bakuna laban sa COVID-19! Pwede siyang magkaroon ulit ng COVID-19 at pwede itong maging mas malala sa susunod na pagkakataon. Walang makakapagsabi kung paano maapektuhan ang iyong anak. Kahit na walang siyang sintomas, kung magpopositibo siya, ilang araw siyang hindi makapasok at hindi makakasali sa mga aktibidad.

[Ligtas ang mga bakuna!](#)



Para sa higit pang impormasyon sa COVID-19, bumisita sa:

coronavirus-sd.com/vaccines



Makakasama ba sa puso ng anak ko ang bakuna laban sa COVID-19?

Bihira ang pagkakaroon ng [mga problema sa puso](#) pagkatapos mabakunahan. Maganda ang pagtugon sa mga gamot ng mga pasyenteng na may mga sakit sa puso.

Habang napakabihira ang malulubhang epekto dahil sa bakuna, ang mga kumplikasyon naman dahil sa virus ay hindi. Mas ligtas ang bakuna kaysa sa virus. Pwedeng magkaroon ng malulubhang problema ang mga batang magkakaroon ng COVID-19 virus katulad ng [multisystem inflammatory syndrome sa mga bata](#).



Ano ang mga side effect ng bakuna laban sa COVID-19?

Posibleng magkaroon ang ilang bata at kabataan ng [mga "side effect" dahil sa bakuna](#). Posibleng sumama ang pakiramdam, maging bugnutin, ayaw nilang kumain, o magkaroon sila ng namamagang kulani. Pansamantala ang mga epekto na ito.



Lagnat



Pagkapagod



Pangangatog



Pananakit ng kalangitan/kasukasuan



Pananakit ng bahaging tinurukan



Pagduruwal/pagkahilo

Ang mga side effect ng bakuna ay hindi malubha, madaling gamutin sa bahay at nawawala sa loob ng isa hanggang dalawang araw

Tumawag sa iyong doktor kung may iba pang sintomas o kung hindi gumagaling sa loob ng dalawang araw.

Ito ang mga simpleng paraan para matulungan ang iyong anak pagkatapos magpabakuna:



Pahinga



Pampawi ng pananakit na hindi aspirin



Cool compress sa bahaging tinurukan

Protectahan natin ang ating mga anak sa pamamagitan ng pagpapabakuna sa kanila!

Lubos na inirerekomenda sa mga batang 6 na buwan o pataas and bakuna at booster laban sa COVID-19. **Ito ay libre!**

I-scan ang QR code at tingnan ang webpage na [Pagiging Kwalipikado sa Bakuna Laban sa COVID-19](#) para sa higit pang impormasyon at [Mga Lokasyon ng Pagbabakuna Laban sa COVID-19](#).



Para sa higit pang impormasyon sa COVID-19, bumisita sa:
coronavirus-sd.com/vaccines

